Downtown is → you

# Buod ng Downtown Activation Plan

Sama-sama nating isapanibago ang Downtown Seattle.

Binago ng pandemya ang ating pamumuhay at pagtatrabaho, na nagbigay sa amin ng pagkakataong mag-isip ng isang bagong Downtown. Maaari tayong magtulungan – bilang One Seattle – upang bumuo ng bagong kinabukasan para sa puso ng Lungsod. Maaari tayong lumikha ng isang Downtown na ligtas, nakakaengganyo, at isang natatanging lugar para sa pagtitipon ng lipunan. Isang Downtown na naa-access at abot-kaya para sa mga pamilyang may maliliit na anak. Isang Downtown na hindi nakakasira sa kalikasan, luntian, at maganda. Isang Downtown kung saan umuunlad at lumalago ang maliliit at magkakaibang negosyo.

Isang Downtown na puno ng buhay at kulay. Isang Downtown na IKAW.

Inilabas ni Mayor Bruce Harrell ang iminungkahing plano ng Lungsod ng Seattle na pasiglahin ang Downtown Seattle na kilala bilang Downtown Activation Plan. Ang plano ay naglalatag ng mga matatapang na layunin at pagkilos upang patatagin at gawing lugar ang Downtown kung saan gustong maglaan ng oras ng mga residente, manggagawa, at bisita. Ang plano ay nagsusumikap na isabuhay ang mga pagpapahalaga sa lahi at katarungang panlipunan ng Seattle. Kasama rin dito ang masusukat na mga resulta, malinaw na mga palatakdaan ng oras, at pananagutan.

Sisikapin ng Lungsod ang sumusunod na pitong mga layunin at estratehiya:

1. Gawing **ligtas** at malugod ang Downtown.
2. Isapanibago ang Downtown sa isang masiglang **kapitbahayan**kung saan mas maraming tao ang kayang manirahan.
3. Gumawa ng kakaibang karanasan sa **kalakal** sa Downtown.
4. Gawin ang Downtown na isang lugar kung saan gustong **pagtrabahuhan** ng mga tao at sinasalamin nito ang kinabukasan ng ating ekonomiya.
5. Ipagdiwang sa Downtown Seattle**ang sining, kultura, palakasan, at aliwan.**
6. Gawin ang Downtown na isang **pangunahing destinasyon** para sa mga Seattleite at mga bisita sa buong taon.
7. Lumikha ng isang malusog, matatag, at **luntiang**Downtown.

Ang plano ay naglalatag ng mga aksyon sa tatlong magkakaibang mga palatakdaan ng oras:

- **Bold Actions Now** – Mga inisyatiba na nagsisimula kaagad.
- **Near-term Initiatives** – Mga pagsisikap na mangyayari sa susunod na tatlong taon.
- **Space Needle Thinking** – Mga pananaw na ideya para sa kinabukasan ng Downtown Seattle.

Downtown is → you

Ang Downtown Activation Plan ay nagmamapa ng kinabukasan ng Downtown para sa iyo. **Ang Downtown ay Ikaw.**

## Ano ang palagay mo sa planong ito at mga pananaw na ideya? Gusto naming marinig mula sa iyo!

Mangyaring ibahagi ang iyong opinyon gamit itong **Form ng Puna para sa Downtown Activation Plan**.

Ang form ay isinalin sa maraming wika. Ang mga tauhan ng bilingual ay magagamit upang magbigay ng suporta sa interpretasyon ng plano at tulungan kang isumite ang form ng feedback. **Kung kailangan mo ng tulong sa wika, mangyaring tumawag sa (206) 684-8090**.

Ang iyong tugon ay makakatulong sa amin na patuloy na palakasin at pinuhin ang Downtown Activation Plan nang sama-sama.

*Hinihikayat ng Lungsod ng Seattle ang lahat na lumahok sa mga programa at aktibidad nito. Para sa karagdagang mga katanungan, pagsasalin o interpretasyon, teknikal na tulong, mga kaluwagan para sa kapansanan, mga materyales sa mga alternatibong format, o impormasyon sa accessibility, mangyaring makipag-ugnayan sa Office of Economic Development sa (206) 684-8090 o oed@seattle.gov.*